

Kinain ng Dagat

Khristian Ross P. Pimentel

kppimentel@up.edu.ph

UMORDER KAMI NG MASARAP na panghimagas sa *Bayler Resort*. Sobrang init. Talagang nakatutuwa dahil sa wakas ay nakapagbakasyon din. Sa dami ng trabaho sa opisina, deserve namin ang bakasyong ito. Ilang oras din kaming nagbababad sa dagat. Parang ayaw na naming umahon para bumalik lamang sa mga deadlines at report. Panahon na muna nang lamyerda. Habang naliligo kami sa dagat, hindi ko maiwasang mabalikan ang mga alaala ko dito. Sumilong muna ako para sumipsip ng malamig na inumin.

Kilala ang Baler sa malalaking alon at magandang dagat. Hindi ito white beach pero dinarayo ito ng mga tao. Sumikat pa itong lalo nang i-develop ang mga resort sa Sabang. Nagising na lang daw ang mga kamag-anak namin na tila mga kabuteng nagsulputan ang mga resort sa Baler. Ang dating tahimik na bayan ngayon ay pinuno ng iba't ibang kulay, liwanag, at ingay. Sa isang iglap, nagsidatingan pati ang mga dayuhan. Nagtaasan tuloy ang presyo ng mga pagkain. Dahil diyan, parang naging segunda klaseng mamamayan ang mga taga-Baler.

Noong bata pa ako, hindi ganito rito. Wala pa 'yang Joy Bus ng Genesis Transit na parang sumakay ka sa umaandar na hotel. May CR yung bus! Ito ang kaisa-isang bus na diretso mula Maynila hanggang Baler. Dati, kailangan pang sumakay ng jeep, na di naglaon, ay nagkaroon din ng bus na susuong naman sa bulubundukin ng Sierra Madre. Ngayon, kaya na siguro ang limang oras ng biyaheng dati'y inaabot ng walo hanggang sampung oras. Napakasaklap! Isang mahabang paglalakbay! Siguradong ubos na ang mga kuwento ay hindi pa rin kayo nakakarating sa inyong destinasyon. Pinilit kong makinig sa mga kuwento nina Mama at Lola na dinadala naman ako sa antok at pagtulog. Paggising ko, nasa biyahe pa rin kami.

Taong 1998 nang umuwi kami sa Dipaculao, isa sa mga bayan ng Aurora. Doon talaga ang probinsiya namin. Hindi alam ng tao ang Aurora. Mas sikat ang pangalang Baler. Nagagalit pa nga ang mga tita ko kapag sinasabing Aurora, Quezon sa telebisyon. Iniisip kasi ng karamihan na parte ng Quezon ang Aurora. Hindi ba nila alam na mag-asawa si Doña Maria Aurora at dating pangulong Manuel Quezon? Magkahiwalay na probinsiya ang Aurora at Quezon. Lalong magkaiba ang mga dadaanan kapag pupunta ka sa mga ito.

Kapag umuuwi kami sa Dipaculao, nasasabik kaming maligo sa dagat at ilog dahil malinis dito. Malayo sa dagat ng Maynila na may mga halong langis, kemikal, at basura ang tubig. Wala pang masyadong tao dahil nga mahirap ang transportasyon. Kaming mga anak lang ng mga taga-Dipaculao ang nakakaalam na may ganitong paraiso sa bahaging ito ng Pilipinas. Wala kaming binabayaranang *entrance fee* o *environmental fee*, at parang *VIP* kami sa mga pinaliliguan namin. Para kaming anak ng hari dahil may *access* kami sa mga tagong yaman nito.

Isa lang ang kinakatakutan sa lugar namin. Nangunguha ang dagat. Marami na itong nilamon at ang mga katawan ay hindi na bumabalik o nakikita pang muli. Ang sabi ng mga aral, lahat ay pawang mga aksidente dahil ang Aurora ay nasa silangang bahagi ng Pilipinas. Ang karagatan nito ay bahagi ng Pacific Ocean kaya malakas at mapanganib ang alon.

Hindi naman naniniwala ang ilan. Para sa kanila, may buhay ang dagat. Kumakain ito ng tao. Mahirap diktahan ang lumaki sa mga kinagisnang paniniwala. Kahit anong ituro mo sa kanila, para itong semento na mahirap basagin.

Sabi ng pinsan kong si John Rey na lumaki sa Dipaculao, may tumatawag daw mula sa dagat sa mga taong nabiktima. Kada taon, hindi puwedeng walang makain ang dagat. Minsan daw, turista ang tinatawag; minsan naman ay tagaroon mismo. Ipinagtataka nga nila na kahit ang mga kakilalang marunong lumangoy ay napapahamak din. Walang sinasanto ang nagugutom na dagat. Kapag ikaw ang nakursunadahan, oras mo na.

Katulad na lang ni Mang Fabian na ama ni Erik na kababata ni John Rey. Mahusay na mangingisda si Mang Fabian. Marunong sumisid at magaling lumangoy. Mula pagkabata ay kabuhayan na ng kaniyang pamilya ang pangingisda. Kilala siya sa baryo na maraming nahuhuli dahil bata pa lang ay tinuruan na siya ng kaniyang ama ng mga sikreto sa panghuhuli ng isda kaya gayon na lamang ang pagtataka ni Aling Melay na parang bulang naglaho ang kaniyang asawa. Walang ibang sinisi ang pamilya kundi ang nananahimik na dagat kung saan huling tumungo ang haligi ng tahanan.

Walang katawang ipinagluksa sina Aling Melay at Erik. Habang buhay siguro silang tatanghod sa bintana na tila naghihintay kay Mang Fabian na kalianma'y hindi na babalik. Habang buhay silang mananalangin na magising sa bangungot at aasang isang araw ay babalik si Mang Fabian. Ngunit nang hindi na matiis ni Erik na pagmasdan ang ina na hindi tumitigil sa paghagulgol, tumakbo siya patungo sa dagat upang ito'y usigin, batuhin, at mura-murahin. Katahimikan lang ang ibinalik ng dagat sa naulilang bata. Pinakawalan ni Erik ang hikbing kaniyang pinigil sa sandaling panahong pag-aantay na baka muling bumalik ang ama. Wala ring nakasaksi dito kundi ang malawak na dagat na siya ring yumakap sa hinagpis ng bata. Pagod at labis na kalungkutan ang nagpahinto kay Erik sa kaniyang pagtangis. Para bang tinikis ng dagat si Erik. Paano nga ba nila tatanggapin na patay na si Mang Fabian kung wala naman silang bangkay na pinagluksa?

Katulad nang nangyari kay Mang Fabian ang sinapit ng komedyanteng si Buttercup. Siguro, sa kaniya unang nakilala ang lugar namin. Hindi rin naman gaanong kasikatan si Buttercup, pero laman ng mga tabloid ang balitang nilamon siya ng dagat. Ang sabi ng ilan ay nagpatiwakal daw si Buttercup dahil sa depresiyon matapos siyang iwanan ng kasintahang nagpakasal sa iba. Matagal na silang nagsasama ng nobyo, pero hindi nito matanggap na isang araw ay hindi na ito humiga sa kamang kanilang pinagsaluhan ng apat na taong ito'y nasa kolehiyo. Subalit iba ang paniniwala sa amin. Nilamon si Buttercup ng dagat. Walang katawan na nakuha. Umasa ang kamag-anak ni Buttercup na babalik pa siya. Palibhasa'y imbis na pera o pamana ang iniwan nito ay puros utang ang nadatnan ng kaniyang naiwanan.

Ang sabi ni John Rey, nakita raw niya na pumunta si Francis, ang dating kasintahan ni Buttercup, sa bahagi ng dalampasigan kung saan huling namataan si Buttercup. Tulad nang mga imahinasyon sa tabloid, nakita ni John Rey at ng dagat ang kaniyang ngiting tagumpay at paglaya. Sa wakas, wala na ang itinuturing niyang lubid na sumasakal sa kaniya. Para sa kaniya, ang pagkamatay ni Buttercup ang hudyat ng kaniyang kalayaan. Kung may makakadiskubre nito, marahil iisipin na walang utang na loob si Francis sa sirenang tunay at unang nagmahal noong panahong basura lang siya sa paningin ng tao. Kung tutuusin, hindi naman siya sinakal ni Buttercup.

"Ang totoo, siya ang nanakal!" Sa akin lang sinabi iyon ni John Rey. Huwag ko raw ipagsabi sa iba.

May isang pamilya naman raw na nagbakasyon at naligo sa dagat. Taga-Maynila raw ang mga ito at tinuklas lamang nila ang lugar. Naligo sila roon nang payapa pa ang dagat. Kasama ng mag-asawa ang nag-iisa nilang dalawang taong gulang na anak. Matindi ang pinagdaanan ng mag-asawa dahil nakadalawang operasyon sa mata ang anak nila. Pagkatapos ng ilang buwang pabalik-balik sa ospital, sa wakas ay lumaya na sila. Ang bakasiyong iyon ang kanilang paraan upang magdiwang.

Habang kinukuha ng ama ang *camera* sa kanilang gamit at sa saglit na napatalikod ang ina, biglang humampas ang napakalakas na alon. Paglingon ng mag-asawa sa puwesto ng bata, wala na ito. Tanging ang bola

at iba pa nitong laruan ang natira. Halos buong araw nanaghoy ang magkabiyak, kasama ng mga tagaroon na bukal sa puso naman na tumulong. Walang batang nakita. Walang bangkay na lumutang.

“Sino ang kumukuha?” tanong ko kay John Rey habang naglalaro kami ng trak-trakan sa sala. Medyo maalinsangan ang panahon. Parang tinatawag ang mga katawan naming magtampisaw.

Seryoso siyang tumingin sa akin. Nag-isip. Huminga nang malalim. Katahimikan.

“Walang sino. Dagat mismo ang kumukuha,” tugon niya.

Hinihintay kong tumawa ang pinsan ko. Seryoso siya sa pinaniniwalaan niya. Sana kaya nating lahat magseryoso sa mga pinaniniwalaan natin. Hindi tinatawanan ang nagseseryoso. Ang hindi nagseseryoso ang dapat tinatawanan.

Nang hapong iyon, ikinuwento niya sa akin ang iba pang nilamon ng dagat.

Naaliw ako sa mga kuwento ni John Rey. Palibhasa’y wala pang TV noon sa ming lugar. Ang tanging libangan ng mga tao noon ay lumabas ng bahay o makipagkuwentuhan maghapo’t magdamag. Meron ding drama at balita sa radyo. Aakalain mo na totoong nangyayari ang sinasalaysay ng mga announcer. Gusto kong pumalakpak sa mga magagaling na aktor at mga sumusulat ng kuwento. Minsan pa nga’y nakikita ko si Lola na naluluha-luha kapag trahedya ang kuwento. Minsan naman ay hahalakhak nang malakas. Sasabay naman ako dahil nakikinig din ako. Hindi lang ako nagpapakita ng ekspresiyon kapag maselan ang tema at baka hindi na ako makasama sa pakikinig sa susunod. Medyo konserbatibo ang pamilya namin. Dahil dito, mayaman sa kuwento tungkol sa nilalamon ng dagat ang aming bayan. Ang tanging nakakabilib sa kanila ay halos pare-parehas ang bersiyon ng bawat kuwentong pinagpasa-pasahan na sa pamamagitan ng bibig. Marahil magaling magkuwento ang mga tagaroon o hindi kaya’y magaling din silang makinig. Siguro, parehas.

Isang araw, nag-aya si John Rey at ang kapatid niyang si Ate Mara na pumunta raw kami sa ilog sa likod ng bahay ng aming lolo't lola at doon kami lumangoy. Pinasama agad ako ni Mama dahil hindi naman mapanganib ang ilog sa likod ng bahay. Ilog ang tawag nila pero parang sapa o kanal lang naman ang tingin ko dito. Nang makita nilang walang masyadong tubig sa ilog gawa nang nasa kalagitnaan na ng tag-init, minarapat nilang dalhin ako sa dagat. Ampir ang tawag sa dagat na bahaging ito ng Dipaculao. Hindi katulad ng sa Baler, ang dalampasigan ng Ampir ay mabato. Yung batong panghilod! Mas nakakatakot dito dahil kapag malakas ang alon, nakakatakot madulas sa bato at mabagok ang ulo! Tapos, tatangayin ka ng alon hanggang ang matitira na lang sa iyo ay ang alaala. Walang bangkay na makikita at paglalamayan.

Lumusong kami sa tubig. Hindi ko mapaliwanag kung bakit parang bigla akong nahilo. Hindi naman sa init ng araw dahil sanay naman ako sa ganitong init. Minsan mas mainit pa nga rito. Kumain naman kami kanina ng tanghalian. Pero kakaiba ang pakiramdam ko. Iyong pakiramdam kapag Sabado na nakahilata ka sa bahay at parang ang katawan mo'y naglalakbay sa nakaraan. Parang ganoon. May kakaunting lungkot na hindi maipaliwanag.

Parang kakaiba rin ngayon si John Rey at Ate Mara. Hindi ko masabi kung ano, pero siguro dahil ilang taon na rin ang nakalipas nang huli kaming nagkitang magpipinsan.

"Tara, langoy tayo doon sa may maliit na kubo," sabi ni John Rey sabay turo sa isang kubo na lumulutang sa gitna ng malaking ilog.

"Hindi ako marunong lumangoy," umiling ako. Kahit hanggang ngayon, hindi pa rin ako marunong lumangoy.

"Tara na, Luke," aya rin ni Ate Mara.

"Sige, mauna na kayo. Susunod ako," pangakong binitawan ko na hindi ko alam kung kaya kong tuparin. Hindi ba't ganoon naman ang mga pangako? Walang katiyakan? Madalas lang, at iyon ang malungkot, marami sa atin ang hindi tumutupad.

Naglakad akong patingkayad papunta sa kinaroroonan ng aking mga pinsan.

Payapa naman ang tubig. Lumaki ang aking mata nang may biglang humila sa aking paa. Kaagad kong naalala ang nangangain na dagat. Pero hindi pa ito ang bahagi ng dagat. Parte pa rin ito ng ilog. Wala namang alon. Malinaw ang tubig. Tumingin ako sa paa ko. Nakakita ako ng malaking buntot ng isda. Napakalaking isda! Hindi naman ito pating o balyena. Tubig tabang ito! Parang kasing laki ng tao.

Lalo akong nabigla nang may lumitaw na ulo. Doon ko lang napagtanto na sirena ang nasa harap ko! Ang akala ko ay sa *fairytale* lang ang mga sirena. Walang panama ang mga *crush* kong sina Bianca at Lizel noong Grade 5 sa ganda ng sirena. Nakahubad pa ang kalahati ng kaniyang katawang pataas kaya nanigas ako. Tiningnan ko ang kaniyang katawan pababa at isdang-isda ito. Kakaiba man ang hitsura ng babae, hindi ako natakot sa panahong iyon.

“Luke, hindi mo na ba ako naalala?” tanong ng sirena. Paano niya ako nakilala? Bakit alam niya ang pangalan ko? Patay na.

Tinitigan ko siyang mabuti. Binaling ko ang aking paningin sa kaniyang mga nagliliyab na mata. Bumilis ang tibok ng aking dibdib. Paano maipapaliwanag ang ganitong tagpo? Sino ba itong nasa aking harapan? Pinagmasdan ko ang kaniyang kabuuan at nahiya ako sa aking pamumula nang nailipat ko ang aking atensiyon sa kaniyang malulusog na dibdib.

“Sinabi mo noon na babalik ka at pakakasalan mo ako,” walang kagatol-gatol na sinabi ng sirena.

Pinag-aralan ko ulit ang kaniyang mukha at ang kaniyang mga sinasabi. Babalik? Kasal? Sino itong babaeng ito? Agad nagliwanag ang aking isip nang maalala ko dahil sa mga binigay niyang palaisipan.

“Kikay? Paano—” ang tanging naisagot ko. Hindi ko mahanap ang sagot na dapat iluwal ng aking mga labi. Naalala ko na lang bigla, pero

natatandaan kong may paa si Kikay. Wala siyang buntot. Walang palikpik. Sinagip ako ni Kikay noong muntik na akong malunod sa ilog din na ito. Limang taong gulang lang ako noon. Kasama ko rin sina John Rey at Ate Mara. Pero ang alam ko, anak ni *Mayor* si Kikay. Sirena ba siya?

Tiningnan kong mabuti si Kikay. Sirena pala si Kikay. Totoo ang mga sirena!

“Doon na kasi ako nag-aral sa Maynila,” paliwanag ko na tila kailangang ibigay ko sa kaniya. Pakiramdam ko’y kailangan kong humabi ng mga salita katulad ng ginagawa ni Mama kapag itinatanong ko kung bakit kami iniwan ni Papa.

Hinawakan ako ni Kikay at biglang lumubog kami sa tubig. Hindi ako makahinga. Parang lumalaban ang buo kong katawan patungo sa mundong tila hindi naman ako kabilang. Ang bilis ng mga pangyayari. Saan ako dadalhin ng taong (o sirenang) ito na hindi ko tiyak kung siya ba talaga ang itinuring kong kaibigan noong maliit pa ako. Nasaan ba sina John Rey at Ate Mara?

Habang sumisisid kami papuntang kailaliman ng dagat, naalala ko si Mang Fabian. Nakauwi pa kaya siya? Si Buttercup kaya? Totoo kayang kinain din siya ng dagat? Baka naman sinadya iyon ni Francis nang sa gayon wala nang magpapaalala sa kaniya ng kaniyang pagsuko at pagtakwil. Ang batang anak ng mag-asawa? Sayang naman dahil ganap nang naoperahan ang kaniyang mga mata. Hindi na niya masisilayan ang iba pang magagandang tanawin bukod sa dagat kung saan siya huling dinala.

“Gising na siya,” pamamalita ni Mama sa aking lolo’t lola at sa iba pa naming kamag-anak na nakatanghod sa akin.

Kanina pa pala nila ako pinupunasan. Nawalan daw ako ng malay nang pumunta akong mag-isa sa Ampir. Mabuti na lang at nakita ako ang mga dating kaklase ni Mama. Dinala nila akong walang malay sa bahay. Ang lahat ng sambahayan ay nag-aalala na parang may naulit na trahedya.

Hindi naman daw ako nalagutan ng hininga o tumigil ang pagtibok ng puso. Mataas lang ang lagnat ko. Iyon ang sabi ng doktor na pinsan ni Mama.

“Nasaan sila John Rey at Ate Mara?” tanong ko kay Mama.

Nagkatinginan ang mga matatanda. Katahimikan.

“Mama? May problema ba?” tanong ko ulit. “Nasaan sila? Kasama ko lang sila kanina. May nangyari ba sa kanila?”

“Matagal nang patay sina John Rey at Mara. Kasama mo silang naligo sa ilog sa tabi ng Ampir noong limang taong gulang ka pa lang,” tugon ni Mama na para bang nagpapaalala sa isang bagay na nakalimutan ko.

“Kinain ng dagat—” bulong ko. Kinuha ng dagat.

Nagsitanguan ang mga matatanda. Niyakap ako ni Mama. Mabuti raw at hindi ako kinain ng dagat. Parang kahapon lang nangyari ang lahat.

Iyon ang naalala ko sa lugar na ito. Lalo akong naguluhan sa mga inihalang istorya na ang nangunguha raw ay ang mga rebeldeng namundok sa Sierra Madre. Ang sabi naman ng ilan na ang mga nawala ay mga desaparacidos—yung mga kalaban ng gobyerno. Iba’t ibang dahilan. Hinanapan nila ng paliwanag ang pagkawala ng mga napadpad sa dalampasigan. Maari kayang sila ang dahilan ng mismong pagkawala? Ang dagat kaya ang tunay na may sala? O maari bang ang sisihin ay ang lipunang piniling malunod sa dagat ng kasinungalingan kaysa ipaglaban ang natutuyong katotohanan? Katulad ng mga taga-Baler, wala sigurong magagawa kundi ang magtanong at manatili na lang na walang kasagutan ang lahat. Hayaang manatili ang pinaniniwalaan. Nakakapagtaka lang na kahit na sagana sa likas na yaman ang Aurora, bakit isa ito sa mga pinakamahihirap na lalawigan?

Sa likod ng mga pader ng mga nagagarbohang mga resort, naroroon pa rin ang mga bahay ng mga lokal. May mga bahay na naging moderno, pero hindi ang sa mga magsasaka at mangingisda. Karamihan sa mga

umasensong bahay ay ang mga nakipagsapalaran sa Maynila o sa ibang bansa. Ang mga hindi tinahak ang ganoong landas, tila walang nagbago maliban sa pintura ng bahay. Ang iba ay wala pa nga ring sariling banyo sa loob ng bahay. Palatandaan ito na hindi rin ganap ang naging pagbabago.

Para kanino ba ang pag-unlad? Sino ba ang nakikinabang? Katulad ng mga tanong ng mga tagarito kung saan napunta ang mga labi ng mga kinuha ng dagat, mabilis ding inanod ang mga pasulpot-sulpot na tanong na ito. Ang mga tanong ay nanatiling mga tanong. Kinain na rin siguro ng dagat ang mga sagot sa mga tanong ko.

Pipila at makikipagsiksikan ang mga taga-Baler sa terminal ng bus para makauwi. Pipila rin sila kapag gusto nila makapagpapiktyur sa mga *tourist spots* sa bayan. Magbabayad ng presyong turista at wala man lang diskuwento na kung tutuusin, sana ay libre lang. Hindi naman sukatan ang mga nagsulputang mga *fast food* para sabihing umulad nga ang Baler dahil nanatiling atrasado ang mga pangunahing hanap-buhay katulad ng pagsasaka at pangingisda. Kulang ang mga pasilidad sa kolehiyo, at napipilitan ang mga estudyante na lumuwas pa rin. Sa Baler lang ba ito?

Maganda ang mga beach, kaso hindi maikakaila na isang umaga na may titulo na ang mga resorts. Dinaig pa ang mga totoo at matagal nang naninirahan sa probinsiya. Ang iba pa nga, inaabot na ng siyam-siyam para magpa-*transfer title* lang. Mapapaisip ka talaga kung kaya ba kumukuha ang dagat ay dahil sa mga gawaing ito o kaya nanatiling mga kuwento ito dahil walang kakayahan ang dagat na anurin ang karumihan sa lupa.

Hindi ko alam kung alin sa kanila ang talagang totoo. Habang pinagmamasdan ko ang ang lahat ng pagbabago sa lugar na ito, hindi ko maisip kung ang mga kuwento ng nakaraan ay may puwang sa mga turistang pumupunta rito para mag-*surfing*. Hindi ko alam kung alam nila ang nangyari kay Fabian, kay Buttercup, sa bata, at kina John Rey at Ate Mara. Kung may nakakita rin kayang iba kay Kikay. Hindi ko alam kung alam rin nila ang kuwento ng mga taong hindi pinangalanan pero kinuha rin ng dagat. Naiisip din kaya nila ito habang lumalangoy, nagse-*surfing*, o umiinom ng *shake*.

Ang alam ko lang sa lahat ng ito... hindi ako kinain ng dagat. Binaba ko ang tuwalya at bumalik sa dagat habang bumababa ang araw.

Khristian Ross P. Pimentel won an honorable mention in 2022 PBBY-Salanga for the story, "The Visit" and second place in CCP's Saranggola Awards for Children's Story Category in 2023 for the story, "Nakatira Kami sa Tore." He was a fellow in the 28th Iligan National Writers Workshop, 22nd Iyas La Salle National Writers Workshop, Ikalawang Palihang Rene Villanueva, and 64th UP National Writers Workshop. He is the author of "Ang Itlog Ni Bunso," "Koko's World," "The Magic Words," "Ang Mahiwagang Kahilingan Ni Papa Gong," "The Visit," and "No More Aswangs." He graduated from the Polytechnic University of the Philippines Laboratory High School, from the Philippine Normal University, and from the University of the Philippines Diliman, where he is also finishing his PhD.